

Kapre

Chuckberry J. Pascual

Hindi naman sila talagang nagtatago, pero hindi naman sila nangangalandakan. Parang puno ng akasya, nandiyan lang at nakabaon sa lupa. Parang mayang nakahapon sa kable ng poste ng koryente. Matapos lumitaw ang kapre, hindi na nakabawi sina Gabriel at Alejandro. Bagaman kung ano ang babawiin, silang dalawang mismo ay hindi rin naman sigurado.

Hindi na mababago ang katotohanan: hindi talaga sila nakabawi. Lalo na si Gabriel na napansin lamang ang pagsablay ng mga pangyayari nang sa kalagitnaan ng pagtumpit ng kanyang palahaw na hindi nakikita pero nasisigurong gumuhit sa hangin ng perpektong parabola, napansin niyang mag-isa na lang siya sa paglikha ng ingay.

Hindi lang naman si Gabriel ang pumunta noong hapon na iyon sa basketball court na malapit sa istasyon ng traysikel, sa sari-sari store ni Aling Minda at sa baleteng napagkasunduan na lang tawagin ng lahat bilang Berto o paminsan-minsan ay Berting (kung susumpungin ng paglalambing sa higanteng ugat na tinubuan ng mga dahon) kundi marami pa, marami pang gaya ni Gabriel na handang gasgasin ang lalamunan para lang makisaya sa bawat bolang naibususlo ng koponang sinusupportahan.

Sa katunayan, namumutiktik nga sa katawan ang paligid ng basketball court. Sandamukal ang mga naglisaw na mukhang noon lang nakita ni Gabriel, mga dayo mula sa kung saan-saang barangay. Gaya ni Gabriel, tagaktak din sa pawis ang mga mukhang ito, ilang segundong nauunang bu-

mati ang singaw ng katawan sa ilong ng bawat nakakagitgitan bago susugan ng mga kilay na saglit kumakandirit o mga babang bahagyang lumulukso para magpahayag ng rekognisyon bilang kabarangay, kamag-anak o simpleng kapwa tagahanga, tagamiron.

Agos ang pawis ng madla kahit hindi naman sila ang mismong nakikipagtakbuhan, nakikipagbalyahan, at nakikipag-agawan sa bola. At tila ba nagbanyuhay sila bilang higanteng lalamunan noong maalinsangang hapon na iyon, lalamunang masunurin at buong giliw na gumaganap bilang koro sa misa ng bolang kahel na yari sa goma: umaawit, humihiyaw, pumapalakpak, at kung minsan, pumupukol ng tungayaw sa mga manlalarong naiwan yata sa kasilyas ng bahay ang kakayahang maglaro.

Kaya hindi talaga maitatangi ni Gabriel na noong fourth quarter, kung kailan dikit na dikit ang laban, kung kailan walang ibang naririnig sa buong court kundi ang kabadong timpani sa mga dibdib ng mga napalaki ang taya sa ending at alingawngaw ng paulit-ulit na pagtalbog ng bolang goma sa semento, nawala talaga siya sa hulog.

At sino ba naman ang hindi ang mawawala sa hulog, sukdulang humiwalay sa agos, lumihis sa daan na pinili ng nakararami, mahilu-hilong bulong ng isip ni Gabriel bilang tahimik na tugon sa mga tanong na umulan sa kanya makalipas ang ilang minuto, paano'y hindi magkamayaw ang mga tao sa mga partikularidad ng pangyayaring bumulaga sa kanilang lahat: anopaanobakitsaan?

Pero walang mahuhugot na matinong sagot, dahil may matinong sagot bang maibibigay na titighaw sa kuryosidad kung ang totoo'y ang lahat ay parang multong dumaan lang nang saglit, pero nag-iiwan ng kilabot na nabubuhay nang paulit-ulit sa bawat muling pagsasalaysay, kahit pa iyong nagbibida sa mismong naratibong salimbibig ay wala nang buhay?

Sumiksik sa isip ni Gabriel ang gayong pangangatwiran sa reaksiyong sumira sa momentum ng misa noong mga sandaling dinudumog na siya ng mga kapuwa manonood na hindi naman kilala, noong ang pakiramdam niya, nasapol niya nang panandalian ang ubod ng hilakbot sa puso ng tauhang si Elsa sa *Himala*, ang unang pelikulang napanood niya sa telebisyon noong may isip na siya, o mas nararapat yatang sabihing noong panahon na nag-umpisa na siyang matutong kumilala ng ilohika at irasyonal sa mga pangyayari: gayon pala ang pakiramdam na malagak nang hindi inaasahan sa gitna ng umaalimpuyong pandemonyo.

Pandemonyo. Oo, iyon nga ang salitang parang kamay na sumasaklot sa sitwasyon na parang bola ng basketball, iyong uri ng pagsaklot na ire-reklamo ng mga nanaghili bilang madaya dahil sikretong pinagkit ng epoxy ang palad bago sumalang sa laro kahit ang totoo ay hindi naman, sadyang natural na natural ang pagdaiti ng goma sa balat: dahil hindi ba't maysa demonyo naman talaga ang nakita niyang nilalang? Maysa demonyo naman talaga ang ugat ng lahat ng pagkakagulo? Maysa demonyo dahil isa ito sa mga kilala ng kahit na sino bilang isa sa isangkatutak na pininsan ng anghel na isinumpa ng Langit dahil sa labis na kayabangan?

Paa ang unang lumitaw. Itim na itim ang talampakan nitong nang-ingipalpal sa kalyo, gumagasgas sa mata, hindi kayang duwendehin ng basta-bastang distansiya, at lalong-lalo pang mukhang naghuhumindig sa perspektiba ni Gabriel noong hapon na iyon na biniyayaan ng liwanag na galit sa mapaglihim na pusikit. Lumawit na lang basta ang paa mula sa isa sa mga madahong sanga ng baleteng si Berto, tigmak ng dumi, libag, putik—imposibleng kakitaan ng nunal sa talampakan, pero paniguradong paa ng layas.

Sunod na sumulpot ang binti na sa mata ng nagmamadali ay puwedeng ipagkamali bilang katawan ng isa sa maraming kapatid ni Berto sa kung anong bakawan, iyong mga hindi nilalambing, iyong mga walang pangalan. Maliban na lang sa hindi ito kailanman tutubuan ng mga dahon, lalo't higit pa ng dilaw na prutas na puwedeng maasim o matamis, kundi tanging mga buhok lamang—itim, kulot, nangangalirang.

At galis! At mga galos! Samut-saring galos, may mga naglalangib, may nakanganga pa, naglalaway ng dugo, inaagasan ng nana, para bang katatapos lamang magtatakbo ng may-ari ng binti sa parang na pawang nagtatalimang talahib lang ang naninirahan.

Pagkuwa'y lumitaw na ang kabuuan ng hita—mas malaking bersiyon ng binti, mabuhok, sugatan, nagngangalit ang kalamnan na pakiwari ni Gabriel, kung tititigan ay hindi na dapat pagtakhan kung ginagapangan din ng mga ugat na singlintog at singberde ng mga hose na ginagamit ni Aling Minda sa pagdidilig ng mga palumpon ng halaman na patuloy niyang inalagaan kahit hindi naman namumulaklak.

Sumunod ang buong katawan.

Braso.

Mukha.

At iyon na nga: ang makalusaw-tutuling tili ni Gabriel.

Lumikha ng espasyo ang tunog: nag-urungan ang iba pang mga manonood na nakapalibot sa may-ari ng babagtingang biglang nangingig. Saka na lamang nalaman ni Gabriel, noong balikan na siya ng himasmas, na nagpulasan ang mga katabi niya nang marinig ang palahaw na may kanya-kanyang multong binuo ng takot sa ingay na sumulpot—may mga nagakalang may sunog, may mga nag-isip na nagsimulang mabiyak ang lupa, may mga nagsuspetsang nagkakanakawan na pala ng cellphone, may mga nag-isip na may bulalakaw na bumubulusok at tutupok sa buong basketball court.

Noon napatunayan ni Gabriel na totoo ang dila ng sinumang matandang nagpakalat ng kasabihan: may taglay na biyaya ang kawalan ng muwang. Dahil oo, pansamantalang nagbalik sa kamusmusan si Gabriel nang lumitaw ang kapre, hinatid siya ng nanlilimahid na higante sa nakaraan, partikular doon sa panahon kung kailan walang ibang kinikilala ang sanggol kundi ang mukha ng ina, at tanging mga tahimik na lawiswis ng dugo at tinunaw na pagkain sa samut-saring ugat sa loob ng katawan na hindi kayang unawain sa anumang uri ng bokabularyo ng matatanda pero kasimbisa ng alinmang wika sa mundo ang kinakasangkapan sa komunikasyon.

Gayunman, iba ang mukhang dumulog kay Gabriel sa sandali ng kanyang pagpalahaw bilang muling-sanggol: maitim ang kutis, makapal ang kilay, malamlam ang mga mata, matangos ang ilong pero maaaring mapagkamalang pango dahil sa bilugang tungki, makapal na labi na pinapayungan ng bigoteng papatubong muli, matatambok na pisnging napapalamutian ng naglalalimang biloy.

Para bang nagkaroon ng eklipse ng mga Biblikal na imahen: natakpan ang mukha ng demonyo ng maamong mukha ng isang morenong arkanghel.

Si Alejandro.

Bumilis ang kanyang pulso, tumahip ang dibdib, nalukob siya ng kilig, pero sa halip na mapagod ang puso dahil sa pagkabog sa kaba, tila ba binalot pa nga ito ng payapa.

(Hanggang sa huling sandali, nang balikan ni Gabriel ang alaala ng mukha ni Alejandro noong hapon na iyon, bumilis ang kanyang pulso, tumahip ang dibdib, at nalukob pa rin siya ng kilig. Gayunman, hindi naman nangahulugan ang replikasyon ng pisikal na lugod na muli siyang

bumalik sa pagiging bata: sa halip, noon nga naramdaman ni Gabriel ang wagas niyang pag-abot sa rurok ng pag-iral.)

Tunay nga, kung bibiyakin ang dibdib ni Gabriel noong mga sandaling iyon, ilang minuto—segundo?—lamang ang pagitan mula sa pag-papawala niya ng sigaw na sumira sa sustenidong sarap ng panonood ng madla, paniguradong walang ibang masasaksihan kundi ang itsura ng pusong kinokombulsiyon pero hindi nababahala.

Naramdaman na lang ni Gabriel ang pagsapo ng malalagkit na kamay ni Alejandro sa magkabila niyang pisngi, at parang kumpol ng mga dahong nalaglag sa puno na winalis ng hangin, naglaho ang kanyang mga bagabag, lalo na nang itanong ng binata, Bree, anong nangyari?

Kapre.

Mahina ang pagbigkas ni Gabriel sa salita, kay layo sa taas ng boses niya nang masilayan ang pagbaba ng kapre mula kay Berto, pero parang inulit lang niya ang pagsigaw na parang wala nang bukas.

Trumiple pa nga yata ang lakas batay sa naging epekto: isang salita lang ang gumulong sa kanyang dila, pero agad itong sinapo, pinagpasa-pasahan hanggang ang kaninang manonood lamang na mga naglisaw ay nakalikha ng sarili nilang uri ng palakasan gamit ang salita bilang bola: umugong ang basketball court, may mga naghiyawan sa takot, may naghagalpakan, pero halos lahat, tumungo rin sa pag-uusisa kay Gabriel—walang tigil sa pagpapasa-paghahagis-pagpapatalbog sa semento ng mga opinyon, tanong, kuru-kuro tungkol sa baklang sumigaw na lang nang basta-basta habang nasa kainitan ang laro ng mga binata ng barangay.

Doon, doon sa kumot ng ingay na iyon, habang nararamdaman niya ang pagbuhat sa kanya ni Alejandro, sumingit sa agaw-malay na isip ni Gabriel ang naging kapalaran ni Elsa, ang bulaang propeta.

Saka nagdilim ang lahat.

Sa sariling sala na nagkamalay si Gabriel. Nakahiga siya sa sofa. Nasa kusinang katapat ng sala si Alejandro, nakahalukipkip sa harapan ng kalan, nakatitig sa takoreng nakasalang.

Dalawang taon na ang nakararaan noong huli niyang makitang gano ang postura ni Alejandro. Natalo ang koponan ng binata sa paliga ng

kabilang barangay, at nagkamaling biniro ni Gabriel si Alejandro bilang “primero bangkero”: nakalimang foul kaagad ang binata sa second quarter ng laro dahil masama ang gising at inilabas na lang ang init ng ulo sa pamababala ng mga kalaban, kaya hindi na pinasali ng coach hanggang matapos ang laro.

Sinurot ng takot si Gabriel.

Nanatili na lang siya sa pagkakahiga sa sofa, pinanood ang panonood ng binata sa takore, pinakinggan ang mahinang ugong ng bulung-bulungan mula sa labas. Kahit hindi na sumilip, batid ni Gabriel na naglisaw sa labas ang mga kapitbahay na nakasaksi sa eksenang pinagbidahan niya sa basketball court kani-kanina lang.

Sadyang nararamdaman ng balat ng bawat pinanonood ang paghimod ng mga matang namboboso: napalingon si Alejandro kay Gabriel.

Kumusta, tanong ni Alejandro. Gising ka na pala, hindi ka man lang nagsasalita. Nakahalukipkip pa rin ang binata.

Ayos naman, sagot ni Gabriel habang bumabangon.

May masakit ba sa iyo? Ititimpla kita ng kape. Sandali lang itong tubig.

Sorry, ha.

Sumipol ang takore. Pinatay ni Alejandro ang kalan, dinampot ang takore, isinalin ang laman nito sa termos. Pagkuwa’y kumuha ito ng isang mug na may nakasawsaw nang kutsara, sinalinan ito ng tirang mainit na tubig mula sa takore, pumitas ng isang sachet mula sa kadena ng 3-in-1 coffee na nakasabit malapit sa kalan, binuksan ang sachet gamit ang ipin, itinaktak ang laman sa mug, hinalo ang pinulbos na kape at tubig gamit ang kutsara, saka lumapit kay Gabriel.

Kape.

Ali, sorry. Hindi ko naman sinasadya. Nakita ko talaga yung kapre.

Sabi ko, kape. Hindi kapre, sagot ni Alejandro.

Nakita ko. Nakita ko yung kapre.

Inumin mo na lang yan. Para tubuan ka naman ng nerbiyos. Kung anu-ano ang pinagsasasabi mo.

Gusto pang magpaliwanag ni Gabriel, pero ayaw na niyang makipag-talo pa. Hinigop na lamang niya ang kape. Alam niyang para sa mga tamad ang kapeng ito at kaagad nang timplado ang tamis, pero hindi gayon ang

sumalubong sa kanyang dila: nadaig ang tamis na artipisyal ng pait na dulot ng tanawin sa kusina—bumalik na roon si Alejandro, nakahalukip at nakatuon ulit ang atensiyon sa kalan kahit sa pagkakataong iyon, wala nang takoreng nakasalang.

Pinili ni Gabriel na isiping ilusyon ang pait ng kapeng timplado ang tamis. Hindi totoo ang sensasyong inihahatid ng dila sa kanyang utak. Ang tanging totoo, ang sensasyong inihatid sa kanya ng mga balintataw kanina sa basketball court: ang kapre. At ito ang inulit-inulit niya kay Alejandro.

Inulit-ulit din niya ang paghingi ng tawad. Hindi na nga siguro ma-aalala pa ni Gabriel ang eksaktong bilang ng pag-uulit niya ng paghingi ng tawad, basta sapat nang naubos niya ang kape—wala nang laman ang mug, pero nabasa ang sahig, nanlagkit rin ang harapan ng kanyang kamiseta—at natagpuan na lang niya ang sarili sa kusina, nakayakap nang mahigpit kay Alejandro, na nananatili namang nakahalukip at nakatitig sa kalang walang nakasalang na takore.

Sorrysorrysorrysorrysorrysorry.

Walang ibang naririnig si Gabriel noong mga sandaling iyon kundi ang sariling nagmamakaawang tinig at ang nanunumbat na pagbuntong hininga ni Alejandro, pero hati ang isip ni Gabriel sa posibilidad ng hindi pagtanggap ng binata sa paghingi niya ng dispensa at sa katotohanan na malamang kaysa hindi, nagpipigil sa paghagikgik ang mga taong nananatili sa labas pero pinanonood sa kanilang mga isip at tenga ang dramang naganap sa loob ng bahay.

(Pinilit sabihin ni Gabriel sa sarili sa gitna ng kahibangang dulot ng paulit-ulit na pagrorosaryo ng kapatawaran sa bigla-biglang sinantong lalaki: hindi siya dapat mabagabag. Dahil dapat niyang maintindihan, papalit-palit lang naman silang lahat ng papel sa sariling barangay, sa kabilang barangay, kahit saang barangay.

Wala pang isang buwan ang nakalilipas, siya mismo ang gumanap sa papel ng usisero, noong gabing magwala si Tetchie, ang kabit ng isang matipunong tanod na tubong Camarines Sur: ipinaghahagis na lang ng babae sa kalsada ang kung anu-anong gamit sa kusina—may nabasag na mga plato at mangkok, nagkalansingang kubyertos, sumalipadpad na mga kaldero.

Isa si Gabriel sa mga nagbilang ng mga platong nabasag, pumulot ng mga naligaw na kubyertos, nagtama sa kung anu-anong hugis ng pagkakayupi ng mga kalderong mumurahin lamang pala. Ginawa nila ito ha-

bang patuloy na ngumunguyngoy sa loob ng bahay niya si Tetchie.

Alam na alam ni Gabriel na alam din ni Tetchie na nasa labas siya, sampu ng iba pang kapitbahay, nagkukunwaring may pakialam sa pamamagitan ng walang pakialam na literal at di-literal na pamumulutan sa mga literal at di-literal na pagkakalat na ginawa ng isa sa mga popular na kabit sa barangay.)

Hindi maitaboy ni Gabriel ang isiping iyon—ang pagtatawa ng mga taong kilala at hindi nila kilala ni Alejandro at oo nga, mayroon naman talagang kinalaman sa buhay nila, pero walang karapatang manghusga sa kanila, at sa kung anumang mayroon sila, walawalawala—ang isiping iyon, na amihang umihip at nagpalala sa pagsuka ng usok ng kanyang pagmamakawang noon ay kasalukuyang sinisiga.

Alam mo namang maraming tao, ingos ni Alejandro.

Sorrysorrysorrysorrysorrysorry.

Alam mo naman na nandoon si Corinth.

At napunit ang kumot ng tahimik na ugong na dulot ng sariling tinig na humihingi ng dispensa.

Natunugan naman ni Gabriel ang lahat. Sa katunayan, hindi lang noong hapon na iyon ang unang beses na nakita ni Gabriel ang babae, kahalubilo ng iba pang mga nanonood ng laro ng koponang kinabibilangan ni Alejandro. Iyon na ang pangatlong beses na nakita ni Gabriel ang babae, at noon din niya napatunayan na tama nga ang kanyang mga hinala.

Noong unang dalawang beses, ipinagwalang-bahala lamang ni Gabriel ang mga pag-aalinlangan. At kahit pa may nadama nang kurot ng kaba si Gabriel noong makita niya rin ang babae kahit hindi naman naglalaro ng basketball si Alejandro—nasa basketball court ang babae, sa tapat ng tindahan ni Aling Minda, malapit sa baleteng si Berto, nakikipag-umpukan kasama ni Alejandro at ng iba pang kabataan, ang ilan ay kilala ni Gabriel at karamihan ay hindi, pihadong mga kaibigan ng babae na niyakag pa mula sa kabilang barangay o kung saan mang lupalop—pinili pa rin ni Gabriel na walisin ang mga agam-agam.

O mas marapat yatang sabihin na pinili niyang manangan sa kapangyarihan ng multiplisidad ng posibilidad.

At bakit naman hindi? Bakit naman hindi niya pipiliing tagpasin ang umuusbong pa lamang na talahib ng takot sa puso? Ilang manlalaro ba ang

kasamahan ni Alejandro sa koponan? Ilan ba sa mga manonood na kasabay niyang tumitili sa bawat laro, ilan ba sa mga ito ang pumupukol kay Alejandro ng mga tingin na hitik sa pagnanasa?

Kung kukuwentahin ni Gabriel ang lahat ng posibleng kuwento na maaari niyang mahugot mula sa kung tutuusin ay wala namang batayang mga suspisyon na hindi maikakailang lumilisaw-lisaw pa rin sa kanyang isip sa gabi, lalo na sa mga gabing hindi niya katabi sa kama si Alejandro—sa apat na taon nilang pagsasama, umuuwi pa rin naman si Alejandro sa mga magulang kahit si Gabriel na ang tumutustos sa pag-aaral ng binata—may matitira pa ba siyang oras para namnamin ang ligayang dulot ng sariling pagtili para sa lalaking piniling irugin? At higit pang mahalaga, may matitira pa ba siyang oras para sa sarili?

(Nakikita ni Gabriel ang nakikita ng iba kay Alejandro. Naiintindihan niya kung bakit nagkakaroon din ng interes ang iba sa binata. Siya man, paminsan-minsan ay napapalingon sa iba—manlalaro ng basketball, guwardiya sa bangko, waiter sa restaurant, estudyante sa kolehiyong tumutubo pa lamang ang bigote—pero alam ni Gabriel na hindi nanginghingi ng aksiyon ang gayong mga pagsulyap: mata lamang ang nababatubalani, hindi ang puso.)

Batid ni Gabriel, kailangan niyang panindigan ang pilosopiyang naukaugalian na niyang ipamarali sa mga kaibigan na tulad niya, pinili ring magmahal na hindi lamang nakabukas ang puso, kundi pati bituka, at lalo na ang pitaka.

Kailangang hindi matinag sa presensiya ng babae, sa hindi maitatangging lutong ng paghalakhak nito sa mga biro ni Alejandro, kuntodo may kakambal pang masuyong paghampas sa braso, pagpapapungay ng mga mata, paghawi ng mahabang buhok.

Ito na ang pagkakataon ni Gabriel na patunayang hindi lamang ampaw ang mga salitang namutawi sa mga labi ni Alejandro—wala akong pakialam sa mga tawag-tawag na yan, hindi ko alam kung ano ang dapat itawag sa kung anuman ang mayroon tayo, ang mahalaga lamang sa akin ay mahalaga ka sa akin, at mahalaga rin ako sa iyo, wala naman akong dapat ipaliwanag sa kanilang lahat—dahil sinasambit ito sa kanya ng binata kahit walang pag-alalay ng alkohol, lalo na sa mga sandali na inaatake si Gabriel ng pagdududa, ng paniniwala sa kapangyarihan ng mga kategorya, pero napapawi naman ang pagdududang ito, lalo na at makailang ulit din namang

pinatunayan ni Alejandro ang katapatan sa mga salita sa pamamagitan ng masuyong paghalik at mainit na pagyakap kay Gabriel. Kahit pa nga sa pamamagitan ng pakikipagsuntukan: noong minsang nagawi silang dalawa sa palengke at may lalaking nagkamaling mangutya sa paraan ng pagsasalita ni Gabriel, sa hindi maitatangging pagkulot ng boses niya habang nakikipagtawaran sa isang tindera ng mga panlalaking kamiseta, na para bang walang karapatan ang sinuman na magsalita nang gayon sa publiko at ang sinumang magtangka ay karapat-dapat parunggitan, pamukhaan ng kaibahan, ng kaibahang sang-ayon sa batas na pinaniniwalaan ng bastos na lalaki at ng iba pang bastos na gaya niya ay dapat bukalan ng matinding kahihiyan ni Gabriel. Sinalya ni Alejandro ang nambastos na lalaking iyon, saka binigyan ng wagas na bigwas sa kaliwang pisngi. Oo, ginawa ito ng binata sa harapan ng lahat, itina-pon nito sa sahig ang anumang maaaring isipin ng mga tao sa mga nakapaligid na tiangge, maipagtanggol lamang ang dangal ni Gabriel, maipakita lamang sa lahat na walang karapatan ang sinuman na hiyain si Gabriel, siyang kasama ni Alejandro na bagaman walang pinapasukang kategorya ay itinuturing naman pala talagang mahalaga.

Ito na rin ang pagkakataon na patunayan ni Gabriel na hindi lamang pipitsuging hangin sa bibig ang mga salitang binitawan niya sa iba't ibang okasyon na umiyak ang sinuman sa kanyang mga kaibigan dahil sa matinding pagseselos—matinding pagseselos na madalas kaysa hindi, ay naging dahilan ng pagmamarakulyo ng bakla, panunumbat sa lalaki, panunumpa sa babae, pag-aaway nilang tatlo, pamimili ng lalaki, pagwawagi ng babae na nangangahulugan at nangangahulugan lamang naman ng iisang bagay: paghihiwalay ng lalaki at bakla, ano pa ba?

Hindi tayo kailanman mananalò sa ganyang sitwasyon, sabi ni Gabriel. Ang tanging magagawa natin ay umunawa.

Ikaw na lang ang umunawa nang umunawa, ang madalas marinig na sagot ni Gabriel sa mga kaibigan. Pagod na kami, gusto na namin ng kapuwa bakla. Gusto namin ng tunay na pagmamahal. Iyong pagmamahal na hindi lamang puro pagkabig ang alam gawin ng iniibig.

Pero pagkatapos ng galit na bunsod lamang ng paunang sakit, madalas kaysa hindi, nagreresulta ang litanya ng pagdurusa sa matiim na deklarasyon ng pagtanggap ng baklang tumatangis na umupo sa trono ng talunan: ke lalaki o bakla, mamamatay at mamamatay tayong sawi sa larangan ng pag-ibig. Mabuti pang mag-alaga na lang ng hayop. Kahit pa halaman.

Makailang beses niyang ipinaliwanag sa mga kaibigan: walang ipinagkaiba sa pag-akyat sa Golgota at pagpapako sa Krus ang pagtingin sa pakikipagrelasyon na inaasahan na sa simula't simula pa lamang ang kalunus-lunos na katapusan—baka nga kinasasabikan pa, kaya't lalong nagmumukhang isang uri ng perbersiyon ang pakikipagrelasyon na ikinukubli lamang sa katawagang pag-ibig.

Wika ni Gabriel, ang kailangan lamang nilang gawin ay kilalanin ang katotohanan ng kinapapaloobang sitwasyon—ang pagmamahal ay pagmamahal—walang ipinagkaiba sa pagsasabing puti ang isang kamiseta kung wala talaga itong taglay na anumang kulay: hindi dapat husgahan dahil walang dapat ibigay na panghuhusga sa gayong uri ng pahayag.

Sa pamamagitan at sa pamamagitan lamang ng matapat na pagkilala mababalaho ang anumang uri ng pagdududa sa rasyonalidad ng romantikong relasyon. Oo, romantiko, sagad sa kaibuturan ng salitang romantiko ang romansa sa kanilang mga relasyon, igigiit ni Gabriel sa lahat ng pagkakataon. At napatunayan naman niya ang paninindigan: walang lugi-lugi, lahat ay tumutubo, lahat ay kumikita, hanggang sa katapusan. Kahit sa katapusan.

(Ironiko ngang maituturing na ang pagdidiskurso sa pag-ibig na para bang magkapatid ang mga salitang pinansiyal at romantiko ay doon mismo sa tindahan nabanggit ni Gabriel, doon mismo sa harapan ni Aling Minda, ang babaeng ang relasyon sa buong barangay ay nakabatay sa pera. Pero hindi ba't nararapat lamang, si Gabriel na rin ang mismong nagtatanong at nagbibigay ng katwiran sa gayong pangyayari, dahil kung tutuusin namang tunay—ang anak ay binibigyan ng baon, ang mag-asawa ay nag-iimpok nang sabay, nagpapalibre sa isa't isa ang magkaibigan, nagreregalong ang manliligaw sa nililigawan, binibilhan ng pagkain ng amo ang kanyang alaga—aling relasyon ba ang hindi nakalublob sa usapin ng salapi?)

Mauuna na ako, sabi ni Alejandro. Kumalas ang binata mula sa pagkakayakap ni Gabriel. Pupuntahan ko lang si Corinth.

Hindi na sumagot si Gabriel. Tinanggap na lamang niya iyon bilang senyal na siya naman ang dapat tumingin sa kalan na walang takoreng nakasalang. At gayon nga ang ginawa niya: humalukipkip at itinuon ang pansin sa kawalan sa ibabaw ng kalan.

Ilang segundo lang ang lumipas bago umakyat ang tubig sa mata ni Gabriel, na nagsanhi ng pagbabara ng kanyang ilong at maging mga tenga,

na nagsanhi ng kawalan niya ng kakayahang makarinig at makadama ng hiya sa paghuhubad ng emosyon sa sariling pamamahay kahit pa nang buksan ni Alejandro ang pinto at hindi lang ang ingay ng mga bulung-bulungan ang pumasok, ingay na likha ng mga walang modong naghahagikgikan, sabik sa pagkapit sa pagkakataon na pataasin ang sariling ihi sa pagtuntong sa mga taong kasalukuyang nakadapa, kundi pati amoy ng mga katawang nagpapawis sa ilalim ng matinding sikat ng araw, mga kilikili at leeg na nagsisibulaan, makasagap lamang ng tsismis, at siyempre, ang mga matang hindi nakapagpigil na sumilip, bagang-bagang pagmasdan ang sinapit ng baklang naging dahilan ng pagkaudlot ng larong iniibig ng lahat.

Noon din dumapo ang desisyon kay Gabriel, ilang sandali pagkatapos umalis ni Alejandro, ilang sandaling sumiguro na hindi na malalaman pa ni Alejandro kung anuman ang mangyayari sa bahay ni Gabriel, maliban na lamang kung pipiliin ng binatang lumingon, pero marunong namang magkuwenta si Gabriel, at sigurado siyang nasagad na ang panahon na pipiliin ng binatang lumingon, lalo't naipaalam na sa kanya ni Alejandro ang pakiramdam ng pagpapaalaman nang hindi naman pinagpapapaalaman talaga, sa halip ay pinagkukublihan pa nga, dahil sa pagbibitiw ng pagpapaalam na nagbabalatkayo bilang pansamantala lamang, may pupuntahan lamang, pero wala namang pangako ng pagbabalik, wala naman, wala, kaya hindi na kinuwestiyon ni Gabriel ang pagdapo ng desisyon, hindi na baleng makita nilang lahat ang mga pisngi niyang tigmak ng luha, ang ilong niyang inaagusan ng uhog, ang mga labi niyang unti-unti nang namamalirong, parang dalawang pinagpatong na piraso ng chorizo na paboritong agahan ni Alejandro, kasama ng binating itlog, dinurog na kamatis at sinangag.

Lumabas ng bahay si Gabriel.

Tunay nga: nandoon ang mga kapitbahay, mga bubuyog na nagkumpulan sa bahay ni Gabriel na nagbanyuhay bilang pulot-pukyutan na pinupupog ng mga usiserong naging mga insektong walang konsepto ng kahihyan, walang ibang alam kundi sumugod, at iyon nga ang ginawa nila noong hapon na iyon na pinili ni Gabriel na harapin ang noon lamang din niya napagtantong lohikal na konklusyon ng mga pangyayaring nagsimulang gumulong nang pakawalan niya ang palahaw sa gitna ng basketball court, lalo't higit dahil nagawa na ni Alejandro ang pagtatanggol sa kanya doon sa Divisoria, at ang pagsalo sa kanya kanina, ang pagbitbit sa kanya tungo sa kaligtasan ng bahay ay hanggang doon

na lamang, hanggang doon na lamang, anumang paghingi pa ng higit pa roon ay maaari nang makasakit pa, nandiyan na si Corinth, at sapagkat kay layo naman talaga ng agwat ng lalaking bastos sa kahila-hilakbot na kapreng nagmula sa balete, walang punto para ikumpara ang dalawa, labag sa batas ng kalikasan, imoral pa ngang maituturing kung ipipilit: sinugod ng madla si Gabriel, sinugod nila si Gabriel gamit ang kanilang mga mata, sinuyod nila ng tingin ang buong katawan ng bakla, nilamon nila ang imahen ni Gabriel na lumabas ng bahay, naglakad pabalik sa basketball court, at doon, doon sa espasyong nababatid ng lahat, doon sa lugar na malapit sa istasyon ng traysikel, malapit sa sari-sari store ni Aling Minda at malapit sa baleteng napagkasunduan na lang tawagin ng lahat bilang Berto, doon tumayo si Gabriel nang walang kaimik-imik, ni walang pinakawalan kahit isang impit, kahit noong lumitaw muli ang kapre, na noon lamang talaga nasilayan ng lahat, at tunay na bumakas ang sindak sa kanilang mga matang nangagbilugan halos sabay-sabay, noon lamang din nila nasinghot ang sangsang ng higante, na sumulasok sa kanilang mga ilong na isa-isang nagsikunutan, napabahing pa nga ang ilan, tila kiniliti ng mabantot na tambo ang mga butas ng ilong na parang butas ng ilong ng mga kabayong sumisingasing, pero hindi sila nagpatinag, nanaig ang tindi ng pagnanasa nila sa ispektakulo, iyong ispektakulo na paulit-ulit nilang tatangkaing muling buhayin sa pamamagitan ng paulit-ulit na pagsasalaysay sa isa't isa sa mga darating na araw, linggo, buwan, taon, hanggang sa mga susunod na henerasyon, hanggang sa patuloy ang pananalig at walang puknat na pagdalo nilang lahat sa misa ng bolang kahel na yari sa goma, gagawin nila ito, kahit na magkaroon na ng bagong basketball court, gagawin nila ito, kahit wala nang basketball court, gagawin nila ito, silang mga sumaksi sa naganap noong hapon na iyon, kung kailan napako ang buong madla sa kinatatayuan, nawalan ng kapangyarihan, walang nagawa kundi pagmasdan kung paano dinampot ng kapre si Gabriel, binuhat na parang babaeng naka-trahe de boda, at saka isinama ng higante paakyat sa balete, sa ilalim ng mga dahon, sa ilalim ng tirik na tirik na araw.